# Paggamit ng Bagong EU Visa Code Handbook Upang Mas Maprotektahan ang mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

## Panimula

### Ang pananagutang pinangakuan ng EU sa pagprotekta sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao: isang 20-taong kasunduan

Sa loob ng mahigit 20 taon, ang EU at ang mga Miyembrong Estado nito ay naninindigan sa pagprotekta sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ('Human Rights Defenders' o HRDs sa Ingles). Sinusuportahan ng EU at ng mga Miyembrong Estado ang mga HRDs sa pamamagitan ng pagbisita sa kulungan, pag-obserba sa mga pagdinig sa korte, pagkilala sa kanilang trabaho, pagdala ng kanilang kaso sa mga dayalogo, at pagbibigay ng agarang tulong sa pamamagitan ng ProtectDefenders.eu. Marami rin sa mga HRDs ang nangangailangan ng relokasyon, at **ang mga bansang miyembro ng EU ay mahalaga sa pagbibigay ng mga** visa para sa mga nasa sitwasyon ng peligro.

### Ano ang EU Visa Code Handbook?

**Nagbibigay ng gabay ang EU Visa Code Handbook para sa mga consular staff** sa pagproseso ng mga short-term (Schengen) visa application. Batay ito sa mga karaniwang alituntunin ng EU tungkol sa mga visa at border controls, kilala bilang Visa Code at Schengen Borders Code, na naaangkop sa pananatili ng **hanggang 90 araw sa loob ng EU.**

Bagamat ang Visa Code ay walang partikular na kategorya para sa mga HRDs, ang **pinakabagong update noong Hunyo 2024** ay naglalahad ng mga gabay upang mas matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang mga long-term visa at residence permit ay nananatiling responsibilidad ng bawat Miyembrong Estado ng EU.

### Bakit mahalaga ang update na ito para sa mga HRDs na nasa sitwasyon ng peligro?

**Mahalagang kasangkapan ang mga visa para sa proteksyon** at pagbibigay ng lakas. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga bagong gabay, mas magiging epektibo ang iyong pag-unawa sa proseso ng visa application, lalo na kung may agarang banta sa isang indibidwal. Ang pagiging pamilyar sa **mga probisyong ito ay makatutulong sa paglaban ng naaayon na mga karapatan** at ligtas na ipagpatuloy ang iyong mahalagang gawain.

Para sa mas personal na suporta, **maaaring makipag-ugnayan sa mga legal na eksperto o organisasyong pangkarapatang pantao** na may kaalaman sa mga proseso ng pagkuha ng EU visa.

# Mga Pangunahing Pagbabago sa EU Visa Code Handbook: Paano Ito Makakatulong sa mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao (HRDs)

### 1. Kakayahang Mag-apply para sa Non-Residents

Karaniwang pinoproseso ng mga konsulado ang mga visa applications para sa mga taong nakatira sa kanilang lugar. Gayunpaman, **pinapayagan ang mga HRDs na iproseso ang kanilang mga aplikasyon mula sa ibang lokasyon kung delikado ang pagbalik nila sa kanilang sariling bansa.** Ito ay mahalaga para sa mga HRDs na kailangang manatili sa labas ng kanilang bansa dahil sa mga agarang banta o mapanganib na kalagayan. *(Article 6 Visa Code & p. 29 Visa Handbook).*

### 2. Pagproseso ng Aplikasyon sa Ibang Konsulado ng EU

Kung mapanganib ang pagproseso ng aplikasyon ng visa sa sa sariling bansa, **pinapayagan ang mga HRDs na mag-proseso ng aplikasyon sa konsulado sa ibang mga bansa ng EU.** Nagbibigay ito ng mas ligtas na opsyon kung ang lokal na sitwasyon ay masyadong mapanganib o mas maging delikado. *(Article 7 Visa Code & p. 31-32 Visa Handbook)*

### 3. Aplikasyon para sa Emergency Visa

Karaniwan, kailangan magbigay ng 15 araw na palugit sa pagsumite at proseso ng aplikasyon ng visa, ngunit **hinihikayat ang mga konsulado na pabilisin ang proseso para sa mga HRDs na kumakaharap ng biglaang mga banta.** Kasama rito ang mga sitwasyong may agarang peligro o kung kailangan ng isang indibidwal na dumalo sa mahahalagang aktibidad pang-adbokasiya. *(Article 9 Visa Code & p. 33 Visa Handbook)*

### 4. Prayoridad na Proseso para sa mga HRDsna Nasa Mapanganib na Sitwasyon

Maaaring magpatupad ang mga konsulado ng **mabilisang proseso para sa mga HRDs na nalalagay** sa mapanganib na mga sitwasyon. Napakahalaga nito sa mga sensitibong panahon, tulad ng bago maghalalan o habang gumagawa ng malalaking kampanya para sa mga karapatang pantao, upang mabilisang makakuha ng bisa kapag kinakailangan.*(Article 9 Visa Code & p. 35 Visa Handbook)*

### 5. Pagbaba o Pagpaliban ng Bayad sa Visa para sa mga HRDs

**Maaaring babaan o ipagpaliban ang bayad sa visa para sa mga HRDs** bilang pagkilala sa halaga ng kanilang mga gawain. Nakatutulong ito upang mabawasan ang mga pinansyal na hadlang kapag kailangan ng isang indibidwal na bumiyahe para sa gawaing adbokasiya, mga training, o agarang sitwasyon. *(Article 16 Visa Code & p. 45 Visa Handbook)*

### 6. Pinagaang Proseso para sa Mga Kinikilalang HRDs

Kung ang isang indibidwal ay kilala bilang **mapagkakatiwalaang tagapagtanggol ng karapatang pantao o kinikilala ng isang pinagkakatiwalaang third party,** maaaring maituring bilang isang 'bona fide' na aplikante. Maaaring mas mapagaan ang proseso ng pagkuha ng visa dahil maaaring hindi na kailanganing magbigay ng maraming dokumento tulad ng patunay na pondo o tirahan. Sa ganitong paraan, mas magiging mabilis at madali ang pagkuha ng visa. *(Article 14 Visa Code & p. 61 Visa Handbook)*

# Mga Pangunahing Pagbabago sa EU Visa Code Handbook: Paano Ito Makakatulong sa mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao (HRDs)

### 7. Pantay na Pagsusuri ng mga Panganib ng Overstay

Tuwing nagsusuri ang mga konsulado ng panganib ng lampas na bisa ng mga visa o overstay, maaari nilang ikonsidera ang mga impormasyon mula sa mga respetadong organisasyong pangkarapatang pantao. Sinisigurado nito ang pantay na pagtingin sa mga HRDs, pagkilala sa di pangkaraniwang uri ng kanilang mga gawain at ng kanilang paninindigan na makabalik sa kanilang mga bansa sa ligtas na sitwasyon. (Article 21 Visa Code & p. 77 Visa Handbook)

### 8. Multi-Entry Visa para sa Kasalukuyang Trabaho

Kung ikaw ay suportado ng isang mapagkakatiwalaan na organisasyon, ikaw ay maaaring mapagkalooban ng isang multi-entry visa ng hindi sumasailalim sa isang cascade na sistema. Ang cascade na sistema ay karaniwang nagbibigay ng mga visa ayon sa naunang wastong paggamit ng single-entry visa. Ang isang multi-entry visa ay mas makatutulong para sa mga HRDs dahil pinahihintulutan nito ang pagpasok at paglabas ng EU ng maka-ilang beses. Napapadali nito ang pagdalo sa mga pagpupulong internasyonal, pagsasagawa ng adbokasiya, o mabilisang pagtugon sa mga agarang sitwasyon. (Article 24 Visa Code & p. 88 Visa Handbook)

### 9. Limited Territorial Validity (LTV) na mga Visa para sa Agarang Paglalakbay ng Makataong Layunin/Urgent Humanitarian Travel

Ang LTV isa ay maaaring igawad sa mga HRDs na **hindi umaayon sa batayang requisitos ng aplikasyon ng visa ngunit nangangailangan ng agarang pagbyahe** para sa gawaing pang-karapatang pantao. Ang visa na ito ay nagbibigay pagkakataon na magbyahe sa mga partikular na bansa sa EU, nagbibigay ng tamang kaluwagan sa pagkakataong ang isang indibidwal ay nahaharap sa pag-uusig o mga banta mula sa sa sarilig bansa. (Article 25 Visa Code & p. 91 Visa Handbook)

### 10. Mabilisang Desisyon ng Visa

Karaniwang umaabot ang mga konsulado ng 15 araw para mabigyan ng desisyon ang mga aplikasyon ng visa, ngunit ang mga **HRDs na nasa peligrong sitwasyon ay kinakailangang mabigyan ng prayoridad.** Tinitiyak nito na ang aplikasyon para sa visa ng isang indibidwal ay mabilisang maproseso, dagdag pa sa kinakaharap na mga agarang panganib o paghahanda para sa mga posibleng kakaharapin na sitwasyon. (Article 23 Visa Code & p. 80 Visa Handbook).

### 11. Agarang Aplikasyon ng Visa sa mga Border

Sa mga piling pagkakataon, katulad ng biglaang mga banta, ang mga **HRDs na hindi kaagad nakapag-proseso ng kanilang mga visa ay maaaring mag-proseso ng aplikasyon sa border ng mga bansang kabilang sa EU.** Ito ay isang mahalagang opsyon para sa agarang proteksyon sa sitwasyon/kapag na walang pagkakataon na dumaan sa regular na proseso. (Article 35 Visa Code and p. 139-140 Visa Handbook)

### 12. Dagdag Palugit sa Visa ng mga HRDs

Kung ang isang indibidwal ay nangagailangan ng mas matagalan na pananatili dahil sa mga **hindi inaasahang panganib,** katulad ng mga banta pagkatapos ng isang isinapublikong kaganapan, **maaaring bigyan ang visa ng karagdagang palugit.** Tinitiyak nito ang ligtas na pananatili ng HRDs sa ibang bansa habang hinihintay ang pagbuti ng sitwasyon sa sariling bansa. (Article 33 Visa Code and p. 146 Visa Handbook)

# Paano gamitin ang gabay na ito?

- **Patunayan ang iyong kahilingan para sa visa:** Isama ang mga rekomendasyon mula sa gabay upang makapagbigay ng malinaw at mahusay na suportadong dokumentasyon para sa iyong aplikasyon sa visa, na magpapataas ng iyong tsansa ng tagumpay.
- **Ipanawagan ang iyong kaso para sa visa:** Gamitin ang gabay upang ipanawagan ang patas at mabilis na pagproseso ng iyong aplikasyon sa visa, na binabanggit ang mga prinsipyo at prosesong nakasaad dito.
- **Palakasin ang iyong kakayahang mag-apela:** Kung ang iyong aplikasyon sa visa ay tinanggihan, gamitin ang dokumentong ito upang patatagin ang iyong apela, na binibigyang-diin ang mga partikular na proteksyon para sa mga Human Rights Defenders (HRDs) na nakasaad sa EU Visa Code Handbook.
- **Gamitin bilang reperensya:** Gamitin ang gabay na ito bilang isang maaasahang sanggunian sa mga talakayan kasama ang mga awtoridad ng konsulado o internasyonal na mga katawan upang itaguyod ang mas mahusay na implementasyon ng mga praktis sa visa na sensitibo sa HRD.
- **Sanayin ang mga awtoridad ng konsulado ng EU at mga Member States sa iyong bansa:** Himukin ang lokal na pagpapalakas ng kapasidad gamit ang gabay upang sanayin ang mga opisyal ng konsulado at iba pang kaugnay na awtoridad sa mga partikular na pangangailangan at karapatan ng HRDs na naghahangad ng visa.
- **Magbigay ng payo sa mga kapwa HRDs at komunidad:** Ibahagi ang gabay na ito sa iyong mga kasamahan, pagbibigay sa kanila ng praktikal na payo at pagpapalakas sa kanilang kakayahan upang maayos na ma-navigate ang mga proseso ng visa.
- **Palawakin ang kamalayan:** Gamitin ang gabay na ito sa mga pampublikong kampanya o adbokasiya upang itampok ang kahalagahan ng flexible na mga pamamaraan sa visa para sa mga HRDs na nasa panganib.
- **Makilahok sa internasyonal na pagkakaisa at networking:** Ibahagi ang gabay na ito sa mga kasosyo, network, at organisasyon upang itaas ang kamalayan tungkol sa mga hamon na hinaharap ng mga HRDs at upang palakasin ang mutual na suporta.
- **Subaybayan ang implementasyon:** Gamitin ang gabay na ito upang subaybayan at idokumento kung paano ipinatutupad ng mga awtoridad ng konsulado ang HRD-friendly na mga pamamaraan sa visa, na tinutukoy ang mga lugar na nangangailangan ng pagpapabuti.

# Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

**EU Visa Code Handbook, June 26, 2024:**
https://home-affairs.ec.europa.eu/document/download/1d79f44d-49ba-4847-951e-129f924b1051_en

**ProtectDefenders.eu Visa for Defenders: International Civil Society Organisations call for an effective and enabling EU Visa Framework for at-risk Human Rights Defenders:**
https://protectdefenders.eu/wp-content/uploads/2022/09/Update-112023-Joint-Statement-ProtectDefenders.eu-Visa-for-HRDs.pdf

**Updates to the EU Visa Code Handbook: encouraging news for human rights Defenders, July 2, 2024, UN Special Rapporteur on HRDs:**
https://srdefenders.org/resource/updates-to-the-eu-visa-code-handbook-encouraging-news-for-human-rights-defenders/

# Tungkol sa ProtectDefenders.eu

Ang ProtectDefenders.eu ay ang **mekanismo ng European Union Human Rights Defenders** na binuo para protektahan ang mga HRDs na nalagay sa panganib na HRDs at suportahan ang kanilang mga gawain sa gitna ng pinakamahirap na sitwasyon sa buong mundo. Ito ay **pinangungunahan ng isang Konsorsyum/Samahan na binubuo ng 12 NGOs** na aktibo sa larangan ng karapatang pantao. Simula ng ito ay ilunsad, ang ProtectDefenders.eu ay nagbigay suporta sa mahigit 10,000 na mga HRDs at organisasyon bawat taon.

# Mga Dapat Alamin at Makipag-ugnayan sa Amin

Mga dapat alamin tungkol sa aming mga programa na posibleng magbigay ng angkop na tulong o suporta para sa mga HRDs, mga organisasyong lokal, at sa komunidad sa aming website.

Maaaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng protektadong form o sa pamamagitan ng email contact@protectdefenders.eu.

This project is funded by the European Union

Ang publikasyon na ito ay binuo sa tulong ng European Union. Ang nilalaman ng publikasyon na ito ay tanging pananagutan ng ProtectDefenders.eu at hindi maaaring ituring na nagpapakita ng pananaw ng European Union.